# ALAB KARBAWAN

**A**ccelerating **L**ivelihood & **A**ssets **B**uildup

Semi-Annual Newsletter ng Carabao-based Business Improvement Network Project at Coconut-Carabao Development Project | Tomo 1, Blg. 2, 2022 | Ikalawang Isyu



ISSN 2945-4808

# NILALAMAN

3 Daluyan ng mabiyayang paggagatasan

4 Unang patak ng gatas ng kalabaw dahil sa CCDP sa South Cotabato

5 FLS-DBP para sa CCDP-Leyte

5 Ano ang FLS-DBP

6 DA-PCC, bubuo ng regional at national council para sa Dairy Box standardization

7 Mahigit 4.2 bata, nabenepisyuhan ng milk feeding program
Mga maggagatas, kumita ng PHP1.9B

8 **CBIN and CCDP sites**

10 **CBIN and CCDP status as of December 2022**

12 Unang Dairy Box sa Calabarzon, inaasahang magpapaangat ng local agri-tourism

Maligaya ang Pasko ng Tapulao

13 Kauna-unahang Dairy Box sa Sorsogon, binuksan na

15 Sarangani koop para sa maalab na pagkakalabawan

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER

ALAB KARBAWAN

## Editorial Staff

ERIC P. PALACPAC
ROWENA G. BUMANLAG
**Editors**

RONALINE C. CANUTE
**Managing Editor**

MA. CECILIA IRANG-MARIANO
RONALINE C. CANUTE
CHRISSALYN L. MARCELO
**Staff Writers**

RODOLFO T. VALDEZ JR.
JEREMIE MARINELLA S. LEDESMA
MIKEE A. ANTONIO
EMY GORITTE E. GORRA
**Contributors**

ESTELLA P. VALIENTE
PAUL ANDREW P. TEXON
**Subject Matter Specialists**

ROWENA G. BUMANLAG
DINE YVE D. DAGANOS
**Layout and Illustrations**

RONALINE C. CANUTE
RHEA MAE B. RUBA
**Circulation**

LIZA G. BATTAD
**Editorial Adviser**

## PALIWANAG SA PABALAT

Sa loob ng 58 na taon, ang Pandan Multipurpose Cooperative (PMPC) sa Pandan, Antique ay patuloy na namamayagpag sa kabila ng mga pagsubok na pinagdaanan nito. Ngayon, isa na itong multi-milyonaryong koop na binubuo ng 7,800 na miyembro na kinabibilangan ng 97 na magsasakang maggagatas.

(Larawang kuha ni **Rowena Bumanlag**)





# Daluyan ng mabiyayang paggagatasan

Ni **Ronaline Canute**

**Biyaya kung ilarawan ng Kalaparan Agrarian Reform Beneficiaries Association (KARBenA) sa City of Mati, Davao Oriental ang kalabaw dahil simula noong tanggapin nila ang mga ito sa kanilang bulwagan ay bumuhos ang maraming biyaya sa kanila.**

Sa salaysay ni KARBenA Chairperson Rhodora Datar, nagkaroon ang kanilang miyembro ng matinding diskusyon kung tatanggapin nila ang 50 kalabaw na galing sa DA-PCC. Ang dahilan nila, walang tubig na ipapainom sa mga ito.

Matagal nang idinadaing ng mga taga-Sitio Kalaparan ang pagkakaroon ng bastanteng suplay ng tubig. Kailangan pa kasing maglakad ng tatlong kilometro ng mga tagaroon araw-araw para mag-igib ng tubig na panligo at panlaba. Kaya't noong inalok sila ng DA-PCC at University of Southern Mindanao (DA-PCC at USM) ng kalabaw, nagdalawang-isip sila kung tatanggapin nila ang proyekto.

Nang nagkakagulo na ang lahat, bilang pinuno ng samahan ay tumayo si Rhodora Datar at hinikayat ang kanyang mga kasama na suportahan ang kanyang desisyon.

"National project ito. Naniniwala ako na kapag tinanggap natin ito ay masasagot ang problema natin sa tubig. Kung may kalabaw, bibigyan tayo ng gobyerno ng tubig na ipapainom sa mga ito. Tanggapin na natin," lakas-loob na panghihikayat niya sa mga miyembro.

Puno ng pag-asa ang linyang binitiwan ni Rhodora na kaagad na nagpalambot sa puso ng mga miyembro ng koop kaya kahit may pag-aalinlangan ay sinuportahan siya ng mga ito.

"Pagkatapos noon, nagdasal ako sa Diyos na sana tama ang aming naging desisyon at sana gabayan Niya ang aming asosasyon," ani Rhodora.

## Sagot sa panalangin

Ang panalangin ni Rhodora at ang matagal nang idinadaing ng Sitio Kalaparan ay dininig at sinagot ng kalangitan. Isang taon matapos tanggapin ang mga kalabaw ay sunud-sunod na pinto ng pagbabago ang nagbukas sa kanila.

Sa pangunguna ni City of Mati Mayor Michelle Marie Denise Rabat, napondohan ng LGU ang pagkakaroon ng tubig sa Kalaparan. Kaya't matapos ang napakahabang panahon ay tumulo ang unang patak ng tubig sa bawa't tahanan doon.

Pinangarap ni Mayor Rabat na magkaroon ng sariling pagkakakilanlan ang lungsod ng Mati. Nais niya na maliban sa mga magagandang bundok at karagatan na dinarayo ng mga turista ay makilala rin ang kanilang bayan sa mga masasarap na pagkain na babalik-balikan sa Mati.

Agrikultura ang pangalawa sa tatlong programa ni Mayor Rabat. Noong nag-aalok ang DA-PCC ng proyekto, sinigurado niya na ang magiging

Sundan sa pahina 14

# Unang patak ng gatas ng kalabaw dahil sa CCDP sa South Cotabato

Ni **Rodolfo Valdez Jr.**

**Nag-uumapaw na saya at pag-asa ang naramdaman ni Lourie Lee Campaner, miyembro ng Small Coconut Farmers Association (SCFA) ng Tamapakan, South Cotabato, matapos masaksihan ang pagpatak ng sariwang gatas mula sa kanyang inaalagang mestisang kalabaw.**

Ang pamilya ni Lourie Lee ang kauna-unahang carapreneurs mula sa Coconut-Carabao Development Project (CCDP) sa South Cotabato na nakasaksi ng pag-asang dulot ng bawa't patak ng gatas.

Sa tulong ng DA-PCC sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) at ng Philippine Coconut Authority (PCA) sa Region XII, mga pangunahing ahensya na nagsusulong sa programang CCDP, inaasahang bubuhos ang gatas 'di lamang sa Tampakan kundi maging sa Malaya Integrated Farmers Assosiation (MIFA) ng Banga na siyang magsisilbing production site ng Tupi Integrated Agiculture Cooperative (TIAC). Ang SCFA, MIFA, at TIAC ay ang mga pangunahing tagapagtaguyod ng nasabing proyekto sa probinsya ng South Cotabato.

Inilahad ni DA-PCC sa USM Center Director Benjamin John C. Basilio na ang CCDP ay isang "complete value chain project". Kinapapalooban ito ng pamamahagi ng mestisang kalabaw, pagpapatayo ng processing facility at marketing outlet, pagbibigay ng pagsasanay para sa bawa't value chain players, at pamamahala hanggang sa pagtatasa ng proyekto.

"Ang CCDP ay isang proyektong pinondohan ng opinisina ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pamumuno ni chairperson Senator Cynthia A. Villar, na may layuning mapaunlad ang pamumuhay ng mga magniniyog sa Pilipinas sa pamamagitan ng dagdag kitang mula sa gatasang kalabaw," ani Director Basilio.

Sa ngayon, may pag-asang tinatanaw ng mga carapreneurs ang kanilang mga minimithing gawain para sa pagpapalawak ng merkado para sa produktong gawa sa gatas, pakikilahok sa milk feeding program, at pageenganyo sa iba pang mga magsasaka na makilahok sa negosyong salig sa kalabaw.

"Hindi ako makapaniwala na isa ako sa mabibigyan ng biyaya ng DA-PCC at PCA. Masaya ang aming pamilya at asosasyon dahil napatunayan na namin na may pera sa gatas."

**Lourie Lee Campaner**



# FLS-DBP para sa CCDP-Leyte

Nina **Emy Goritte Gorra** at **Ma. Cecilia Irang-Mariano**

**DA-PCC-VSU— Inilunsad ng CoconutCarabao Development Project (CCDP) site sa Leyte Province, Carigara ang Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) noong Hulyo 19 sa Macalpi Gymnatorium, Carigara, Leyte.**

Upang mapabuti ang pamamahala ng dairy buffalo ng mga benepisyaryong magsasaka, sumailalim sila ng isa hanggang tatlong oras ng hands-on at practiceoriented na mga pagsasanay sa isang beses sa isang lingo simula Hulyo 28, 2022. Ang FLS-DBP ay pinangunahan ng mga akreditadong tagapagsanay na dating sumailalim sa Facilitators Learning Workshop noong Abril 18 hanggang Mayo 3 sa Baybay City, Leyte.

Ang mga naging unang CCDP sites na nagsagawa ng FLS-DBP sa Eastern Visayas ay ang Carigara, kasama ang Maasin City (Southern Leyte), Basey (Samar), Catubig (Northern Samar), at Biliran (Biliran). Ang FLS-DBP ay bahagi ng pagpapatupad ng DA-PCC ng CCDP, na isang inisyatiba ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform.

“Masuwerte tayo na mayroon tayong ganitong uri ng pagsasanay para sa aming mga magsasaka,” pahayag ni Mayor Eduardo Ong Jr. Binigyang-diin din niya ang ibinigay na pagkakataon ng proyekto para sa mga magsasaka na mapataas ang sustainability ng dairy buffalo production sa munisipyo. Kilala rin ang lugar sa paggawa ng "pastillas" na mula sa gatas ng kalabaw.

Inihayag din ni Macalpi Community Multipurpose Cooperative (MCMC) Chairperson Norma Uribe ang kanyang suporta sa programa.

Dinaluhan din ang nasabing aktibidad ng LGU-Carigara: SB Member/ Committee Chairperson on Agriculture Lorna Marpa, OIsC-PCDM Minerva Langco ng Leyte Province, Municipal Agriculturist Engr. Josefina Josol, Macalpi Brgy. Captain Ador Bodo, PCA R8: Acting PDO III at CCDP Focal Lourdes Grabador, OIC-PCDM for Leyte Province Minerva Langco, Darwin Hernandez, Kangara Multipurpose Cooperative (KMPC) Manager Dominador Sudario, Senior Science Research Specialist Ivy Fe Lopez, at PDO Ruth Segovia.



## ANO ANG FLS-DBP

**“Learning by doing” o pagkatuto habang isinasagawa.**

**Ito ang estratehiyang nakapaloob sa “Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP)” na isinasagawa ng Philippine Carabao Center (PCC) para sa lubusang pagkatuto ng mga nag-aalaga ng mga gatasang kalabaw ng mga pamamaraan at teknolohiya ukol sa kanilang gawain.**


**Kabilang sa mga kursong tinatalakay sa pagsasanay ay ang mga sumusunod: (1) Preparing Facilitators for FLS Implementation; (2) Mobilizing Communities for FLS; (3) Raising Healthy and Productive Dairy Buffalo; (4) Building Enterprises from Buffalo; (5) Participatory Technology Development; at (6) Participatory Tools to Measure FLS Effects and Impacts.**

**Aktwal na ipinasusubok ang paggawa ng mga itinuturong teknolohiya.**

**Para naman hindi sila mabagot ay sinasamahan din ng palaro ang mga talakayan.**

**Ang mainam din sa FLS-DBP ay hindi inoobliga ang mga kalahok na i-adopt ang lahat ng mga teknolohiyang itinuturo sa kanila bagkus ay binibigyan sila ng options ng iba’t ibang teknolohiya na maaari nilang pagpilian at i-adopt na sa tingin nila ay angkop sa kanilang farms at local conditions.**

**Minsan sa isang linggo sa loob ng 34 na linggo dumadalo sa FLS-DBP ang mga kalahok.**






# DA-PCC, bubuo ng regional at national council para sa Dairy Box standardization

Nina **Chrissalyn Marcelo** at **Ronaline Canute**

**Ang DA-PCC ay bubuo ng regional at national council para sa standardisasyon ng 24 na Dairy Box sa Pilipinas na pinagkasunduan ng mga cliente at ng mga carabao-based enterprise development (CBED) coordinators.**

Ang kasunduang ito ay ginanap noong nagkaroon ng Dairy Box Standardization Workshop ang ahensya sa Ilo-ilo (para sa Visayas at Mindanao clusters) at Baguio City (Luzon cluster) noong Hunyo 1-2 at Hulyo 7-8.

Ayon kay Dairy Box standardization lead at Project Evaluation Officer Jan Czarina Salas, ang inisyatibang ito ay nagsimula nang mapansin ng DA-PCC ang pagkakaiba-iba ng branding at operations ng mga ito kaya naman kailangang bumuo ng regional at national council upang pangasiwaan ito.

Sa ginawang kasunduan, ang regional at national councils ay magkakaroon ng kanya-kanyang mga organisadong opisyales na papangunahan ng chairperson at vice-chairperson.

Ang regional council ay mabubuo sa labindalawang regional centers ng DA-PCC. Samantala, ang opisyales ng national council ay maoorganisa sa pamamagitan ng botohan. Ito ay bubuuin ng mga public at pribadong sektor kasama ang mga farmer-beneficiaries.

Tinalakay din ang iba pang concerns katulad ng product mix, store merchandising, marketing and promotion, record keeping, and cash and inventory management, guidelines in promotion distribution, at creation of partnership and sustainability program.

Dairy BOX



MARKETING

# Mahigit 4.7M bata, nabenepisyuhan ng milk feeding program

## Mga maggagatas kumita ng PHP1.9B

Ni **Ma. Cecilia Irang-Mariano**

Buong-galak na ipinagmalaki ng DA-PCC ang magandang epekto ng milk feeding program sa pamayanan at sa pamumuhay ng mga magsasakang-maggagatas matapos kumita ng kabuuang PHP1.9 billion ang 45 assisted cooperatives nito sa bansa mula sa pagsisimula ng programa noong 2019 hanggang sa first quarter ng 2022, na kung saan 4,277,285 mga bata ang nabenepisyuhan.

Sa kabuuang bilang na ito, mahigit 1,551,857 ang mga batang mag-aaral na nasuplayan ng gatas ng 24 conduit cooperatives sa ilalim ng proyektong Accelerating Livelihood and Assets Buildup o ALAB Karbawan. Maliban sa pagsugpo ng malnutrisyon, ang milk feeding program ay nagsisilbing siguradong merkado rin ng aning gatas ng mga magkakalabaw para sa tuluy-tuloy na pag-unlad ng kanilang kabuhayan. Sa katunayan, mahigit PHP758,708,538.24 ang kabuuang kinita (gross income) ng mga conduit cooperatives mula sa school-based at supplemental feeding programs na pinangungunahan ng Department of Education (DepEd) at Department of Social Welfare and Development (DSWD) at feeding programs ng lokal na pamahalaan at National Dairy Authority.

Ayon ito sa ulat ni Joel Cabading, DA-PCC's milk feeding coordinator, sa ginanap na programa na "#WeFlex: Stakeholders Milk Feeding Program Achievements and Policy Consultation" noong Agosto 22- 23 sa national headquarters and gene pool ng ahensya sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Nilahukan ito ng mga opisyales at empleyado ng DepEd, DSWD, DA-PCC, at ibang mga kaagapay na magkakalabaw.

Pinatotohanan naman ito nina Rolly Mateo, chairperson ng Bantog Samahang Nayon Multipurpose Cooperative (BSNMPC), at Janice Domingo, general manager ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO), sa pamamagitan ng pagbabahagi nila ng kani-kanilang testimonya ng tagumpay sa programa. Ayon kay Mateo, mula sa kita nila sa Milk Feeding program, nakabili sila ng mga sasakyang pandeliver ng gatas, packaging machine, baking facility, at anim na ektaryang lupain. Aniya pa, 116 manggagawa ang nabigyan ng trabaho dahil sa programa.



Masaya namang ibinahagi ni Domingo na tumaas ang assets ng pederasyon mula sa PHP8 milyon noong 2018 naging PHP28 milyon na ito noong 2021 dahil sa milk feeding program. Kung saan, nakapagbigay ito ng trabaho sa 200 mamamayan sa kanilang komunidad. Sa tulong din nang kanilang kita, naipaayos at naipagawa ang kanilang tatlong palapag na opisina. Inamin din niyang malaki ang naitulong ng programa para makabalikwas sila mula sa pinagdaanang problemang pinansyal noong hindi pa sila sumasali sa feeding program.

Nagpahayag din ng kani-kanilang mensahe ng pagsuporta sina DepEd-Bureau of Learner Support Services Director Dr. Lope Santos III at DSWD Supplemental Feeding Program (SFP) Unit Head Ma. Elena Carreon para sa implementasyon ng 2022 School-Based Feeding Program at 12th SFP Cycle.

Isang policy consultation din ang naganap noong ikalawang araw, kung saan kabilang sa mga paksang tinalakay ang Food Science of the Milk Feeding, Updates of Costing, Standardization of Milk Formulation, at Different Milk Product Terminologies. Samantala, ipinrisinta ng mga kalahok ang draft revised Milk Feeding Program Policy and Guidelines upang makongkreto at maaprubahan na ito. Ang mga kwento ng BSNMPC at NEFEDCCO ay dalawa lamang sa maraming mga kwentong tagumpay sa implementasyon ng Milk Feeding Program.

Nagsisilbing matibay na patunay ang mga ito sa makabuluhang epekto ng national feeding program na karapat-dapat na ipagmalaki at ipagpatuloy sa mahabang panahon.

*(May impormasyon mula kay Kyrene Abad at Sharmaine Mercader)*

# DAIRY BOX SITES

The **Dairy Box** is an infrastructure support for smallholder dairy farmers and cooperatives assisted by the DA-PCC under its flagship program Carabao-based Business Enterprise Development (CBED).

It is designed to provide CBED stakeholders with an opportunity to gain access to the commercial market for greater income.

The first Dairy Box, which is a one-stop dairy hub that showcases products of local dairy cooperatives, was established in 2015 in the Science City of Muñoz, in Nueva Ecija and operated by the Catalanacan Multipurpose Cooperative Inc. (CAMCI).

Under the ALAB Karbawan intervention, **30 Dairy Boxes** have been established so far.

**19**
**LUZON**


- Dairy Box - Abra
- Dairy Box - Albay
- Dairy Box - Aurora
- Dairy Box - Dinalupihan
- Dairy Box - Ilocos Sur
- Dairy Box - Isabela
- Dairy Box - La Union
- Dairy Box - Masbate
- Dairy Box - Munoz
- Dairy Box - Nueva Vizcaya

**09**
**VISAYAS**

- Dairy Box - Barotac
- Dairy Box - Carmen
- Dairy Box - Hamtic
- Dairy Box - Icm
- Dairy Box - Pandan

**15**
**MINDANAO**

- Dairy Box - Agusan Del Sur
- Dairy Box - Bukidnon Talakag
- Dairy Box - Bukidnon Town Plaza
- Dairy Box - Compostela
- Dairy Box - Dapitan
- Dairy Box - Davao De Oro
- Dairy Box - Davao Del Sur
- Dairy Box - Davao Oriental
- Dairy Box - Dumalinao




Dairy Box - Orani
Dairy Box - Oriental Mindoro
Dairy Box - Palawan
Dairy Box - Pangasinan
Dairy Box - Parian
Dairy Box - Rizal
Dairy Box - Sorsogon
Dairy Box - Tuguegarao
Dairy Box - Victoria

Dairy Box - Pinamungajan
Dairy Box - Talisay City
Dairy Box - Tanjay City
Dairy Box - Ubay

Dairy Box - Misamis Oriental
Dairy Box - North Cotabato
Dairy Box - Plaridel
Dairy Box - Sarangani
Dairy Box - South Cotabato
Dairy Box - Tukuran

No. of cooperatives engaged in the **Milk Feeding Program**

## TOTAL

# 24

## OPERATIONAL VALUE CHAIN

There are a **total** of **32** operational value chains established under the ALAB Karbawan project since its inception in 2019.

All segments of a Carabao-based Enterprise (CBE) value chain are present such as production and consolidation of milk, processing and marketing of products.

## ENTRUSTED BUFFALOES FOR CBIN AND CCDP

as of December 2022

TOTAL
**2,963**

## CALVES BORN

MALE **166**
FEMALE **162**

TOTAL **328**





## STATUS AS OF DECEMBER 2022

### NO. OF CONDUIT FARMER COOPERATIVES/ ASSOCIATIONS (FCAs)

The number of conduit FCAs engaged in CBEs maintained a steady growth since the project started in 2019.

**85** CONDUIT CO-OPS

**17** SCFOs
Small Coconut Farmers Organizations (SCFOs)

## ACCOMPLISHMENTS AS OF DECEMBER 2022

- Processing and marketing infrastructures established

TOTAL **31**

- Processing and marketing infrastructures to be constructed

TOTAL **46**

MARKETING

# Unang Dairy Box sa Calabarzon, inaasahang magpapaangat ng local agri-tourism

Ni **Ronaline Canute**

**DA-PCC-UPLB — Tinukoy ng mga mananalaysay bilang "isang munting piraso ng paraiso", malapit nang ipagmalaki ng Jalajala, Rizal ang isa pang atraksyon bukod sa mga magagandang landscape formation nito.**

Malapit nang masaksihan ng mga lokal at ng mga turista ang kauna-unahang Dairy Box sa Calabarzon.

Sa Laguna de Bay malapit ang mga napiling lugar, kung saan kilala ito bilang pinakamalaking lawa sa bansa. Para sa mga turistang nais maglaan ng panahon sa pampang at mahilig gumawa ng mga recreational activities kapag weekend, isang magandang stop over ang Dairy Box upang makalasap ng sariwa at natural na dairy delicatessen.

Ang Llano Farmers Multi-Purpose Cooperative (LFMPC) na nagsimula sa pagproseso ng dairy noong 2006 ang mangangasiwa sa operasyon nito. Sa pamamagitan ng DA-Philippine Carabao Center sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños (DA-PCC sa UPLB), 45 miyembro ng LFMPC ang pinagkatiwalaan ng mga crossbred carabao, kung saan 19 na ang buntis sa mga ito.

Ang LFMPC na may mahigit 200 miyembro ngayon ang siyang nagsisilbing daluyan ng pagpapala sa mga local, kung saan agrikultura ang pangunahing pinagkukunan ng kita. Bumibili sila ng sariwang gatas mula sa mga dairy farmers sa halagang PHP70 kada litro.

Aktibong katuwang ng Department of Education (DepEd) ang mga ito sa pagpapatupad ng national milk feeding program.

Isang groundbreaking at ceremonial entrustment ng dairy carabaos ang isinagawa sa Bayugo, Jalajala, Rizal noong Agosto 15.

Nagpahayag ng suporta ang ama ng bayan na si Mayor Elmer Pillas sa proyekto. Aniya, hindi lamang ito lilikha ng kabuhayan para sa mga lokal ngunit makatutulong din ito sa pagpapalakas ng turismo at pagsulong ng mga lokal na produkto.

Kabilang sa mga dumalo sa nasabing kaganapan sina Rizal Governor Nina Ricci Ynares, dating Executive Director ng DA-PCC Dr. Arnel del Barrio, Deputy Executive Director for Administration and Finance ng DA-PCC na si Dr. Caro Salces, at kinatawan mula sa tanggapan ni Sen. Cynthia Villar na si Engr. Renz Aquino.

Iba't ibang pambansang ahensya at lokal na pamahalaan tulad ng Department of Science and Technology (DOST) IV-A, Department of Agriculture (DA) IV-A, Department of Trade and Industry IV-A, Department of Agrarian Reform-Rizal IV-A , Office of the Municipal Mayor, at Office of the Provincial Governor ang dumalo rin sa okasyon na may kanya-kanyang pangako ng suporta sa proyekto.

# Maligaya ang Pasko ng Tapulao

Nina **Ronaline Canute** at **Mikee Antonio**

Maligaya ang pasko ng Tapulao Multipurpose Cooperative (TMC) sa Orani, Bataan matapos buksan ang Dairy Box at processing facility na pamamahalaan nito noong Disyembre 9, 2022.

Sa pangunguna ni Senator Cynthia Villar, iniabot sa TMC ang key of responsibility na tinanggap ng chairperson nito na si Pilipino Victor Cruz.

Ang aktibidad ay bahagi ng proyektong Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) o mas kilala bilang Accelerating Livelihood and Assets Buildup (ALAB Karbawan) ng DA-PCC na pinondohan ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pangunguna ni Senator Villar.

Ang lalawigan ng Bataan ay kabilang sa mga piling pilot areas ng ALAB Karbawan. Ang iba pang mga piling probinsya ay Ilocos Sur, Pangasinan, Tarlac, Albay, Palawan, Negros Oriental, Antique, Davao Del Sur, Davao Oriental, Compostela Valley, South Cotabato, North Cotabato, at Misamis Oriental.
Sa kanyang mensahe, itinampok ni Senator Villar ang mga positibong resulta ng proyekto at ang kanyang pagpapasalamat sa lahat ng value chain players.

Dagdag pa ng senadora ang pagkakaroon ng milk feeding program ay nagbibigay ng market para sa mga produkto ng kooperatiba. Makatutulong din ito ng malaki para maibsan ang problema ng bansa sa malnutrisyon.
"Ito ang favorite project natin ngayon: ang magtayo ng mga dairy projects sa iba't ibang bayan sa buong Pilipinas," ani senadora.

Nagtapos ang programa sa isang milk toast ceremony na kinabibilangan ng mga magsasakang maggagatas at bisita na mula sa iba't ibang ahensya ng gobyerno.

Dumalo rin sa turn over ceremony sina Sen. Mark Villar at Orani Mayor Efren Pascual Jr.




# Kauna-unahang Dairy Box sa Sorsogon, binuksan na

Ni **Jeremie Marinella Ledesma**




**Binuksan na ang kauna-unahang Dairy Box sa Sorsogon, Bicol Region, nitong Oktubre 6, 2022 sa pamamalakad ng Gubat St. Anthony Cooperative (GSAC) at Triple 2 Agri-Industrial Corporation (T2-AIC).**

Ito na ang pangalawa sa may pinakamalaking pasilidad na dairy processing plant sa Pilipinas na s'yang tiyak na makapagbibigay ng kita at trabaho sa mga residente ng Sorsogon at kalapit bayan nito.

Kaakibat ng pagdiriwang na ito ang entrustment program kung saan naipamahagi ang 46 na kalabaw sa ilalim ng Coconut-Carabao Development Project (CCDP).

Sa pagiging matagumpay nito, nagpahayag si DA-PCC Executive Director Dr. Liza Battad ng pagbati at pasasalamat sa suporta at tiwalang ipinagkakaloob ng GSAC at T2-AIC sa DA-PCC.

Samantala, kabilang sa mga dumalo ay sina Engr. Rene Hermo, GSAC CEO Nonito Collingwood, T2-AIC CEO Leonisa Ferreras, DA-PCC Deputy Executive Director Dr. Caro Salces, at Former DA-PCC Executive Director Dr. Arnel Del Barrio.

Ang aktibidad ay bahagi ng proyektong Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) sa ilalim ng Accelerating Livelihood Assets Buildup o ALAB Karbawan ng DA-PCC. Pinondohan ito ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pangunguna ni Senator Cynthia Villar.

"Ito ay isang malaking oportunidad para magkaroon ng karagdagang hanapbuhay at kita para sa mga magkakalabaw at mga nakikinabang sa mga pangkabuhayang salig sa kalabaw."

**Dr. Liza Battad**

# Daluyan ng mabiyayang...

Mula sa pahina 3

"Naniniwala ako na kapag tinanggap natin ito ay masasagot ang problema natin sa tubig... Tanggapin na natin sabi ko...Pagkatapos noon, nagdasal ako sa Diyos na sana tama ang aming naging desisyon at sana gabayan Niya ang aming asosasyon."

**Rhodora Datar**




beneficiaries ay mga farmers at ang napili nga ay ang KARBenA. Ang Sitio ay kabilang din sa mga lugar na binabantayan ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).

Nang mabigyan ng kalabaw at maayos ang patubig sa Kalaparan, ang sumunod na palaisipan ay kung paano iproseso ang gatas at kung saan nila ito ibebenta maliban sa Dairy Box.

"May Nenie's ice cream ang Mati. Kinausap ko sila. Ang sabi ko, I will support you but in one condition, kailangang bilhin mo ang gatas mula sa mga dairy farmers natin sa KARBenA," pagkukwento ni Mayor Raba.

Nagtalaga rin si Mayor Rabat ng tao kada barangay upang tutukan at imonitor ang araw-araw na gawain ng mga magsasaka. Ito'y upang masiguro na magtutuluy-tuloy ang mga gawain para sa proyekto.

Nagbigay siya ng pagsasanay sa food processing sa KARBenA at naglaan din siya ng pondo para mabigyan ng technical training ang anak ng mga kasapi.

"We don't want to lose our farmers. Sinong papalit sa kanila? I want the young generation to appreciate agriculture at tulungan na i-sustain ito," dagdag pa niya.

"Ang puso ni Mayor ay para talaga sa mga farmers. Lagi niyang sinasabi sa amin na kapag dumating ang araw na kaya na naming tumayo sa sarili naming mga paa, pwede na niya kaming iwan," sentimental na pagkukwento ni Rhodora.

Nang mawala si Mayor Raba sa pulitika noong 2013, nagtayo siya ng negosyong kainan na tinawag niyang Chiangi's sa lungsod. Pumatok ito sa mga panindang cake, ice cream, pastillas, leche flan, flavored drinks, at iba pang produkto na may halong gatas ng kalabaw.

Nang palarin siyang manalo noong 2019, tinrabaho niya ang kanyang pangarap noon para sa Mati na dumaloy ang gatas sa kanilang lungsod.

## Ang unang patak

Kung babalikan ang kalagayan ng KARBenA noon, malaking pagbabago na ang naganap sa koop simula nang dumating ang gatasang kalabaw.

Naitatag ang KARBena noong 2009 na may 17 miyembro. Bawa't isa sa kanila ay nag-ambag ng tig-PHP300 para sa pag-uumpisa ng isang grocery store. Taong 2013, nagkaroon sila ng re-organisasyon at pinasok na rin nila ang lending.

Simula nang maggatas ang mga miyembro ng KARBena noong 2021 ay kumita ang asosasyon ng PHP350,000.

Maliban dito, kapansin-pansin din ang pagbabago sa buhay ng bawa't miyembro katulad na lang ni Bingbing Paha na may pinag-aaral na mga anak. Hindi na niya problema ang baon at gamit sa eskwela ng mga ito dahil sigurado na ang kita niya mula sa kalabaw.

Ang natatanging pinakabatang nagbahagi ng pagnanais na maranasan ang paggagatas ay ang 14 na taong-gulang na si John Lloyd Barbas. Nakasampa pa siya sa likod ng kalabaw nang datnan namin sa sitio. Aniya, naiinip na siyang gatasan ang alagang kalabaw ng kanyang tatay para may pambaon na siya sa eskwela.

Nagbigay din ng kanya-kanyang kwentong tagumpay ang iba pang kasapi ng KARBenA na sina Santiago Balwit, Grace Gatar, Delia Sargelio, at Minda Barbas. Lahat ng mga kwentong kanilang ibinahagi ay patungkol sa mga banepisyong kanila nang natamo dahil sa pagkakalabawan.

# Sarangani koop para sa maalab na pagkakalabawan

Nina **Chrissalyn Marcelo**
at **Ronaline Canute**

**Nakatanggap ang Pangi Multi-Purpose Cooperative (PAMULCO) ng kumpletong dairy enterprise package mula sa Department of Agriculture - Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) noong Oktubre 5 sa Brgy. Maitum, Pangi, Sarangani Province sa pamamagitan ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) project sa ilalim ng Accelerating Livelihood Assets Buildup (ALAB) Karbawan ng DA-PCC.**




Ang proyekto ay binubuo ng mga gatasang hayop at pasilidad na maaaring gamitin para sa produksyon at marketing ng mga carabao-based products. Kabilang dito ang 35 na dairy buffaloes (34 na babae at 1 bull); at Dairy Box processing plant at marketing outlet, na ipinagkaloob sa PAMULCO sa pamamagitan ng isang turn over ceremony.

Sa kanyang mensahe, hinikayat ni DA-PCC Executive Director Dr. Liza Battad ang mga miyembro ng kooperatiba na ituring ang kanilang mga sarili bilang "proud carapreneurs" o "negosyante" at sila ay magiging milyonaryo sa pagnenegosyong salig sa kalabaw balang-araw.

Ayon naman kay DA-PCC at USM Center Director Benjamin John Basilio, magsisilbi ang ahensya bilang daluyan ng blessings para marating ng PAMULCO ang mga pangarap nito.

"Inaasahan namin na sa pamamagitan ng proyektong ito ay aapaw ang gatas sa bayan ng Maitum. Kapag dumating ang oras na iyon, maaari ninyo kaming imbitahan muli kasama ang ating Executive Director Dr. Liza Battad para tulungan kayong magbilang ng pera," pagbibiro at masayang dagdag pa ni Basilio.

Samantala, nagbigay din ng kanyang mensahe si Senator Cynthia Villar sa PAMULCO sa pamamagitan ng isang video. Sinabi niya na ang dairy enterprise bilang isa pang income generating venture ay tutugon sa matinding pangangailangan para sa karagdagang pagkukunan ng kita ng mga magsasaka.

Tumugon si PAMULCO Chairperson Melecio Ubongen sa ngalan ng kanyang kooperatiba na lubos silang nagpapasalamat sa DA-PCC, kay Senator Villar, at mga lokal at provincial government ng Maitum at Sarangani sa pagbibigay sa kanila ng dairy enterprise package. Sa kanyang talumpati, ipinangako niya na susustentuhan ng kanilang kooperatiba ang proyekto upang makapagbalita ng mga progresibong resulta sa hinaharap.

Buong-buo ang suporta ng lokal na pamahalaan ng Maitum at Sarangani na nangakong magbibigay ng technical at marketing assistance sa kooperatiba.

Ang turnover ceremony ay dinaluhan nina Maitum Municipal Mayor Alexander Bryan Reganit, Municipal Agriculturist Noel Naungayan, Board Member Arnold Abequibel (Representative of Sarangani Governor Rogelio Pacquiao) Sarangani Committee on Agriculture and Food Chairperson James Reganit, Provincial Veterinarian Dr. Bernard Cababat, Provincial Agriculturist Jonathan Duhay at Councilor Leah Patrimonio.

# ALAB KARBAWAN

**A**ccelerating **L**ivelihood & **A**ssets **B**uildup

**ALAB Karbawan** is the popularized name for the Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) and Coconut-Carabao Development Project (CCDP). Since 2019, the project has been implemented in more than 70 sites nationwide. The project is operationalized in service areas where all the development interventions and support are provided. This project is unique as it emphasizes on the crucial role of a strong cooperative conduit for each project location. The conduit will co-share with PCC in terms of project responsibility and accountability.

Meanwhile, cooperating local government units and other support agencies will ensure that assets will be used to improve the livelihood of the value chain players through herd buildup, organized collection of milk, and processing and marketing of products.

Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) Program Components and Deliverables per Project Site:



**PRODUCTION**



**PROCESSING**



**MARKETING**



**CAPACITY BUILDING & TECHNICAL SUPPORT SERVICES**

**I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Genepool.**

DA-PCC K-Portal

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.

DA-PCC Virtual Tour

Maaari na ring bisitahin ang aming National Headquarters at Genepool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.